ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ESTILO NG PAGKATUTO SA WIKANG FILIPINO-MIXED METHOD NA PAG-AARAL

Decil B. Ypanto[1]
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22777
DOI No: 10.36713/epra22777

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng mixed- method na pamamaraan na sumusuri sa persepsyon ng mga mag aaral sa kanilang estilo ng pagkatuto. Kung saan ginagamit ang Isang convergent parallel mixed method na disenyo dahil nakakalap ito ng iba-iba at komplementaryong data sa parehong paksa. Sa kwantitatibong parte, mayroong 215 na mga mag-aaral ang tumugon sa pag aaral at sampu (10) naman kwalitatibong parte. Ang mga resulta ng pag aaral ay nagsiwalat na ang antas ng estilo ng pagkatuto mataas pato narin tungkol sa kanilang estilo sa pag aaral ng mga mag aaral na mayroong limang pangunahing anim; gumagamit ng biswal na materyales sa pagkatuto, kolaboratibong pag-aaral kasama ang kapwa mag aaral at eksperto, pag organisa ng learning environment at tamang balance ng oras at pinapanatili ang motibasyon at positibong pamamaraan. Ang integrasyon ng data sa parehong kwalitatibo at kwantitatibo na mga resulta ng data ay nagpahiwatig na mayroong convergence ng mga natuklasan mula sa parehong uri ng data.

MGA SUSING SALITA: *Estilong biswal, Estilong Awditory, Estilong kinesthetik, Estilong Grupo at Estilong Individual*

INTRODUKSYON

Sa pag-aaral na ito, ay naglalayong itatag ang mga pangunahing konsepto ng pag-aaral. Nakasaad sa bahaging ito ang rasyunale, worldwide at teoritikal na pokus, konseptwal na balangkas, awdyens, layunin na mga pahayag, layunin ng pag-aaral, at mga kaugnay na literatura. Mahalaga ang kaalaman sa estilo ng pagkatuto dahil napapadali ang proseso ng pagkatuto. Upang maitugma ng tagapagturo ang nararapat na estratehiya ng pagtuturo sa estilo ng pagkatuto. Ang kaalaman ng estilo ng pagkatuto ng bawat indibidwal ay nakatutulong upang malinang ang kahusayan sa pag-aaral. Kung kaya, ang mga kaalamang ito ay epektibo sa pag-aaral ng isang indibdwal. Maging bukas sa mga bagong ideya ang mga guro at magkaroon ng pag- iisip na ang bawat indibidwal ay mayroong magkakaiba. Mas linangin ang kakayahan at huwag tumigil sa kung ano lamang ang kakayahan. Magsagawa ng mas intensibong pag-aaral, kaakibat nito ang paggamit ng mga umiiral na istilo o pamamaraan sa pag-aaral. Bawat indibidwal ay gumagamit ng iba't ibang istilo sa pagkalap ng impormasyon at higit na ninananais ng iba ang makita at mahawakan ang nais pag-aralan at mayroon din namang nagnanais mapakinggan ang kanilang pinag-aralan (Agarwar & Reodiger, 2022).

Sa isang pag-aaral na isinagawa sa Unibersidad ng Oklahoma, natuklasan na ang paggamit ng mga epektibong pamamaraan batay sa estilo ng pagkatuto ay mahalaga upang mapalakas ang aktibong interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Gayunpaman, marami pa ring mag-aaral ang hindi lubos na nauunawaan ang kanilang mga tungkulin sa proseso ng pagkatuto. Ang konsepto ng aktibong pag-aaral ay nilikha upang hikayatin ang mga estudyante na maging mas masigasig na kalahok sa kanilang edukasyon, subalit hindi lahat ng institusyong pang- edukasyon ay may sapat na kakayahan upang supportahan (Fink, 2003).

Sa Pilipinas, partikular sa mataas na paaralan sa siyudad ng Laguna, may suliranin sa estilo ng pagkatuto sa wikang Filipino ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Isa na rito ang pagkakaiba ng bawat indibidwal gaya ng kakayahan, motibasyon, personalidad, estilo ng pag-iisip at estilo ng pagkatuto. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakakakilala sa kanilang sariling estilo ng pagkatuto, at may ilang mga pagsubok na sumusulpot sa proseso ng pag-aaral. Sa maraming kaso, mahirap para sa karamihan sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng pagsasalita. May ilang mga mag-aaral na mas pinipili ang pananahimik kaysa maging aktibo sa silid-aralan. Ito ay dulot ng maraming kadahilanan, at isa sa mga ito ay ang estilo ng pagkatuto na maaaring makaapekto sa abilidad ng mga magaaral sa pag-aaral, lalo na sa pagsasalita (Slamento et at., 2018).

Ang pag-aaral na ito ayon sa teorya ng mga estilo ng pagkatuto, ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang preferensyang paraan ng pagtanggap at pagproseso ng impormasyon, na maaaring, tactile, grupo, indibidwal, bisual, awditory, *kinesthetic*, tactile. Ang *learning style habits* nang mag-aaral ay nagbibigay-diin na mahalaga ang pag-unawa sa mga estilo ng pagkatuto ng mga estudyante upang mas epektibong maihatid ang pagtuturo. Ang mga *visual learners* ay mas natututo sa pamamagitan ng mga larawan, diagram, at iba pang biswal na materyal, samantalang ang *auditory learners* ay mas tumutugon sa mga paliwanag at diskusyon. Iminumungkahi ng pag-aaral

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na ang mga guro ay dapat gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang istilo ng

pagkatuto ng kanilang mga estudyante, at sa gayon ay mapataas ang kanilang antas ng pagkatuto at pakikilahok sa klase, (Mugulod Jr ,2019). Maraming mananaliksik ang gumawa ng mga pag-aaral patungkol sa pananaw ng mga estudyante sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng guro. Kabilang dito ang mga pag-aaral nina Dalmolin et al (2018) na pinamagatang "*the learning style preferences and learning style experiences of students*" Mugulod Jr, (2019). "*Learning style preferences and learning style experiences of students*" Dalmolin et al (2018) *"the learning style habits of students"* Fatemah & Camelia (2018). Ang mga naunang pag-aaral ay gumamit ng kwantitatibong pamamaraan. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral na ito ay gumagamit ng pinagsamang kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan, na partikular na nakatuon sa mga mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), kung saan karamihan sa mga estudyante ay mga Filipino. Dahil dito, nakikita ng mananaliksik ang kahalagahan ng pagsasagawa ng pananaliksik upang masuri ang persepsyon ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang estilo ng pagkatuto sa wikang Filipino. Bukod dito, ang mga resulta at datos mula sa pag-aaral ay magiging mahalaga para sa mga mag-aaral, magulang, at guro upang higit pang maunawaan ang mga hamong hinaharap ng mga mag-aaral ng BEED at BSC sa larangan ng akademikong pananaliksik.

Mga Tanong ng Pananaliksik

1. Ano ang estilo sa kakayahan ng mag-aaral ng BEED at BSC sa kanilang pag-aaral?
2. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BEED sa kcast patungkol sa kanilang estilo sa pag-aaral?
3. Ang kwalitatibong data ba ay nagpapatunay sa kwantitatibong data?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, isinagawa ang isang disenyo ng pinagsamang paraan kung saan ang kwalitatibo at kwantitatibo na bahagi ay isinama upang makabuo ng mas malawak at mas detalyadong pagsusuri sa isang tiyak na suliranin ng pananaliksik. Binigyang diin nina ang kahalagahan ng integrasyong ito sa kahusayan ng pananaliksik na may pinagsamang paraan, at maaring itong maganap sa anumang bahagi. Ang terminong "*pagmimix*" ay tumutukoy sa proseso ng pag-uugnay ng mga elementong kwalitatib at kwantitatib upang makabuo ng mas buo at mas makabuluhang pagsusuri sa suliranin ng pananaliksik (Hickman et al.,2015).

Partisepante

Para sa quantitatibong parte, ang pananaliksik ay isinagawa sa mga estudyante na BEED at BSC ng mag- aaral. Ang kursong ito ay may kabuoang 1599 na mag-aaral, na binubuo ng 313 na mag-aaral sa beed, 1286 na mag-aaral sa BSC.

Gayunpaman, ang sampol na angkop para sa pag-aaral ay kinalkula ng *statistician*, na kinabibilangan ng 45 sa 313 na mag-aaral sa beed, 187 sa 1286 na mag-aaral sa BSC, na may kabuoang 232 na mag-aaral ang nakuhang sampol mula sa 1599 na mag-aaral sa BEED at BSC.

Sa kwalitatibong parte, may (14) na mga mag-aaral, para sa pangkalahatang talakayan (*focus group discussion*) ay may pitong (7) mga mag-aaral na pinili na sumali sa pokus na talakayan at pitong (7) pang mag-aaral na piniling sumali sa pinalalim na panayam (*in-depth interview*) na isasagawa. Sa paggamit ng penomenolohikal na pag-aaral ay mayroong kalahok na 5 hanggang 25 na indibidwal. Ang bilang ng kalahok sa pananaliksik na ito ay 10 para sa parehong grupo. Ang unang kalahati (5) ay mga nasa pinalalim na panayam o ang kanyang mga one-on-one na panayam at ang pangalawang kalahati ay mga pukos sa pangkalahatang talakayan o focus group discussion. Sapat ng mapaghanguan ng mga temang kinakailangan sa kwalitatibong pananaliksik ng parehong *one-on-one* na pinalalim na panayam at gayundin sa *focus group discussion* ay hindi bababa sa lima na kalahok (Mason, 2010).

Pagkolekta ng Datos

Sa pagkolekta ng datos, ang mananaliksik ay gagawin ang sumusunod. Ang pamamaraang *convergent parallel mixedmethod* sa pagsusuri ng datos ay nakatulong upang maipakita ang isang uri ng impormasyon sa ibang anyo nito, upang maayos ang datos para sa paghahambing, o para masagot ang iba't ibang klase ng mga katanungan. Ang pamamaraan para sa pangangalap ng data ay may kasamang ilang mga hakbang. Sa sabay-sabay na pangongolekta ng datos, ang dami at kwalitatibong datos ay sabay na tinipon (Saraswati, 2021).

Napadali ang pangangalap ng mga kinakailangan sa kwantitatibong datos, sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot ng mananaliksik mula sa *officer in charge* or Office of the College President ng kapalong college of Agriculture, Science's and Technology upang maisagawa ang pag-aaral na ito.

Sa pagsusuri ng kwalitatibong datos, isinagawa ang *one-onone in-depth* interview upang masusing makuha ang mga karanasan ng mga partisipante hinggil sa kanilang estilo ng pag-aaral, na naglalayong tiyakin ang kahiyahiyang pagpili. Pinersonal na inimbita ng mananaliksik ang mga respondent sa pamamagitan ng *social media platform* tulad ng *facebook* at *messenger*, para sa personal na *one-on-one session* na naitala gamit ang *screen* at *voice recording*.

Pagsusuri ng Datos

Ang proseso ng pagkuha ng impormasyon ay binubuo ng ilang mga hakbang. Kasama rito ang *simultaneous* na pagkolekta ng datos, kung saan ang dami at kalidad ng impormasyon ay nakukuha nang sabay. Ginamit ang parallel mixed-method approach sa pagkuha ng datos upang ipakita ang isang uri ng impormasyon sa ibang anyo, upang maikumpara ang mga datos, o upang tugunan ang iba't ibang mga tanong (Creswell, 2007).

Sa pagsusuri ng kwalitatibong datos, ang layunin ng mananaliksik ay ayusin ang impormasyon gamit ang deskriptibong datos at mga hakbang tulad ng coding at kategorya para maipakita ang datos. Ang layunin nito ay bumuo

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ng mga temang magagamit upang ilarawan ang mga karanasan mula sa perspektibo ng mga mag- aaral, partikular na ang mga mag-aaral ng BEED at BSC sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Kaya naman, ang pagsusuri nang mahusay ay isang kaganapan na paulit-ulit; ibig sabihin, ang pangwakas na pagsusuri ng datos ay natatamo sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa at pagsusuri ng datos, at paulit-ulit na pagbuo at pagpino ng mga temang ito.

RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 1
Antas ng Estilo ng Pagkatuto Batay sa Estilong Biswal

Estilong biswal ng mag-aaral	**Mean**	**Deskripsyon**
1. Mas natuto ako nang mahusay nang pagbabasa ng sulatin ng	4.35	Napakataas aking guro sa pisara.
2. Mas maalala ko ang tagubilin pag binasa ko ito.	3.71	Mataas
3. Mas natututunan ko ang bagong kasanayan, kapag gusto kong nagpapakita ng kasanayan kaysa sa pakinggan lamang.	3.70	Mataas magmasid sa iba na
4. Mas natututunan ko sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat kay	4.01	Mataas sa sa pakikinig sa iba.
TOTAL	3.94	Mataas

Estilong kenesthetik ng mga mag-aaral	**Mean**	**Deskripsyon**
1. Mas nakakatulong sa akin ang pagbabasa ng malakas ay nagbabasa ng aklat.	4.27	Mataas kapag ako
2. Mas gusto kong makinig sa talakayan kaysa magbasa	4.09	Mataas ng aklat.
3. Mas maalala ko ang mga bagay na narinig ko sa klase kaysa bagay na binasa ko.	3.94	Mataas sa mga
4. Mas natututo ako nang mabuti sa klase kapag nagbibigay talakayan ang guro.	3.95	Mataas ng
TOTAL	**4.06**	**Mataas**
Estilong awditory ng mag-aaral	**Mean**	**Deskripsyon**
1. Mas' gusto kong gumawa ng mga ehersisyo at drill sa klase.	4.06	Mataas 2. Mas
napapalawak ang aking kaalaman kapag aktibo akong	4.14	Mataas nakikilahok sa klase.
3. Mas nakikinabang ako sa mga klase sa computer lab kaysa ng lektura.	4.08	Mataas sa mga klase
4. Mas nauunawaan ko nang mabuti ang mga bagay sa klase nakikilahok sa role-playing.	4.05	Mataas kapag ako ay
TOTAL	**4.08**	**Mataas**
Estilong tactile ng mag-aaral	**Mean**	**Deskripsyon**
1. Mas nauunawaan ko nang mabuti kapag nag-aaral ako	4.02	Mataas mag-isa.
2. Mas natututo ako nang mabuti kapag gumagawa ako nang isa	3.97	Mataas bagay mag-
3. Mas masaya ako gumawa mag-isa nag takdang aralin.	4.12	Mataas
4. Mas gusto kong gumawa mag-isa ng proyekto.	3.98	Mataas
TOTAL	**4.02**	**Mataas**

Antas ng Estilo sa Pagkatuto Batay sa Estilong Awditory ng Mag-aaral. Resulta sa estilong awditory ng mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na may mean na 4.27 na nagsasaad sa aytem 1 na *mas nakakatulong sa akin ang pagbabasa ng malakas kapag ako ay nagbabasa ng aklat habang ang mababang* mean na may 3.94 na nagsasaad sa aytem 2 na *mas' gusto kong makinig sa talakayan kaysa magbasa ng aklat*.

Pagkatuto Batay sa Estilong Kinestetiko ng Mag-aaral. Ang resulta ay nagpakita ng pangkalahatang mean na 4.08, na inilarawan bilang mataas, na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay mas epektibong natututo sa pamamagitan ng pisikal na aktibidad, paggalaw, at praktikal na karanasan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Antas ng Estilo sa Pagkatuto Batay sa Estilong Tactile ng Mag-aaral. Ang resulta ay nagpakita ng pangkalahatang mean na 4.07, na inilarawan bilang napakataas, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay lubos na umaasa at komportable sa tactile na pamamaraan ng pagkatuto. Ang mataas na *mean score* ay nagpapakita na marami sa mga magaaral ang natututo nang mas mabisa sa pamamagitan ng mga aktibidad na nangangailangan ng aktwal na paghawak, manumanong manipulasyon, o paggawa ng mga bagay, kaysa sa iba pang mga paraan ng pagkatuto.

Antas ng Estilo sa Pagkatuto Batay sa Estilong Indibidwal ng Mag-aaral. Ipinakita ng resulta para sa estilong indibidwal ng mga mag- aaral ang napakataas na antas, na may pangkalahatang mean na 4.02. Ang pinakamataas na mean, na nasa 4.02, ay makikita sa aytem 1, na nagsasaad na *"Mas nauunawaan ko nang mabuti kapag nag-aaral ako mag-isa."* Samantala, ang pinakamababang mean, na nasa 3.97, ay makikita sa aytem 2, na nagsasaad na *"Mas natututo ako nang mabuti kapag gumagawa ako ng bagay mag-isa."*

Antas ng Estilo sa Pagkatuto Batay sa Estilong Grupo ng Mag-aaral. Ang resulta ay nagpakita ng pangkalahatang mean na 4.09, na inilarawan bilang mataas. Ipinapahiwatig nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay mas epektibong natututo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pakikilahok sa mga gawaing panggrupo.

Estilo ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral ng BEED AT BSC sa KCAST patungkol sa wikang Filipino

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Code/ Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal Na Suporta
Epekto ng sa paggamit ng mga materyales na bagay sa paghahand a	• Paggamit ng mga flashcard • sa pag-aaral. • Paggamit ng mga power point sa pag-aaral. • Pagpapakita ng biswal na paraan tulad ng graph.	Paggamit ng materyales na bagay	Paggamit ng mga materyales na bagay at Kolaboratibong pag-aaral kasama ang kapwa mag- aaral at eksperto	Contructiv sm theory
	• Sa mga paraan ng aking mga kaklase nakahingi ng tulong sa mgabagay na hindi alam. Pagiging positibo sa pag-aaral.	Pagtutulung an ng mga mag-aaral		
	• Sapagbibigay • gabay ng guro sa mga mag-aaral. Sa pagtatanong sa mga bagay na hindi alam.	Gabay ng mga-aaral sa pag- aaral		
Epekto ng sa pagiging handa sa mga talakayan	• Paghahanda sa sarili sa pamamagitan ng paghahanda ng kapaligiran sap ag buo ng schedule. Tinatapos ang mga	Paghahand a sa mga awput o mga Gawain	Pag-organisa ng learning environment at tamang pag balance ng oras	Contructivi sm theory

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagbibigay Impak sa estilong pagkatuto sa kanilang pagaaral	• Pagbibigay • motibasyon sa pag-aaral upang magtagumpa y. Mga kinagawian ay nakakatulong upang mapanatili ang motibado habang nag-aaral.	Paghahand a sa sarili sap ag- aaral	Pinapanatili ang motibasyon at positibong pmamaraan	Cognitivism theory
	• Maging positibo at isipin ang benepesyo ng mag- aaral. • Ninanatili ang pagiging positibong pagaaral at tanaw ng sakripisyo ng magulang • Pag-iisip sa pangarap sa buhay.	Positibong pamamaraa n sapagkatuto ng mga magp-aaral sa kanilang pagaaral		
Resulta sa pagbibigay gabay ng Guro sa mga mag- aaral	• Natuto sa gabay ng guro sa mga inaaral. • Paghihintay ng mag-aaral matapos ang talakayan ng guro at mag tanong sa mga bagay na hindi alam.	Pagbibigay Gabay ng mga Guro	Paglilinaw ng mga aralin sa guro at ibang kagamitan sa pagkatuto	Contructivi sm theory
	• Pagbibigay tanong sa guro na hindi alam ng mga magaaral. • Pagtatanong sa guro	Pakikipagko munikasyon sa guro		
	upang malaman ang kinalituhan na hindi ma intindihan bago maibigay ng guro ang mga Gawain			

Ang paggamit ng papuri, Ang paggamit ng papuri, **materyales na bagay** o konkretong kagamitan sa pagtuturo ay napatunayang epektibong estratehiya sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng konkretong representasyon gaya ng Matematika, Agham, at Filipino (Jimenez at Dizon, 2021).

Nakakatulong ang mga konkretong materyales upang gawing mas madali at makabuluhan ang pagkatuto dahil sa visual at aktwal na interaksyon ng mga mag-aaral sa paksa (Jimenez at Dizon, 2021).

Samantala, ang **kolaboratibong pag-aaral** kasama ang kapwa mag-aaral ay nakapagpapalakas ng kooperasyon, pagbabahagi ng ideya, at aktibong pakikilahok sa talakayan sa loob ng klase (Reyes et al., 2022).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Estilong tactile	Talahanayan 4 estilong tactile aytem 3 nakakatulong o nakikinabang sa mga gamit sa kompyuter	Talahanayan 8.1 na may code na paggamit ng nateryales na bagay at sa ilalim ng temang gumagamit ng	**Merging-Converging**	**Nagpapakita din na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng komyuter para sa**

Ang **pagpapanatili ng motibasyon** ng mga mag-aaral ay mahalaga upang mapanatili ang kanilang interes at aktibong partisipasyon sa klase. Kapag positibo ang kapaligiran, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pagkatuto at mas nagkakaroon sila ng tiwala sa sarili (Rivera, 2021; Santiago, 2020).

Higit pa rito, ang pagsasama ng mga **eksperto sa pagkatuto**sa pamamagitan ng mga panayam, webinar, o workshop ay nakatutulong upang mailapat ng mga

Ang maayos na **pag-oorganisa ng learning environment** ay nakatutulong upang magkaroon ng positibong disposisyon sa pagkatuto ang mga mag-aaral sapagkat ito ay nagbibigay ng kaayusan, seguridad, at tamang daloy ng aralin (Santos, 2021).

Ang **malinaw na pagpapaliwanag ng guro** ay mahalaga upang maiwasan ang kalituhan sa mga aralin. Kapag naipapaliwanag nang mabuti ang mga konsepto, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Ang mga ito ay tumutugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto (Lorenzo, 2023). mag-aaral ang kanilang natutunan sa mga tunay na sitwasyon sa lipunan (Lopez, 2023).

Pagpapakita ng mahahalagang natuklasan sa pinagsanib na kwantitatibo at kwalitatibo

Aspeto o focal point	Kwantitatibong natuklasan	Kwalitatibong natuklasan	Likas na integrasyon ng data	Aksiolohikal na implikasyon
Estilong biswal	Talahanayan 1 sa estilong biswal sa aytem 1 na mas natutunan nang mahusay ang pagbabasa ng sulatin ng ng guro sa pisara na nakakuka ng (m-4.35) na may napakataas na marka.	Talahanayan 8.1 na may code na pamamaraan ng mga mag-aaral sa kanilang mga pag-aaral sa ilalim ng temang nagagamit kolaboratibong pag-aaral kasama ang mga kapwa mag-aaral at eksperto.	**Merging-Converging**	**Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng positibong pagkatuto**
Estilong awditory	Talahanayan 2 estilong awditory sa aytem 1 mas nakakatulong ang pagbabasa ng malakas habang nagbabasa sa aklat (m-4.27) na may mataas na marka.	Talahanayan 8.1 na may code na paggamit ng mateyales na bagay sa ilalim ng temang gumagamit ng materyales sa pagkatuto	**Merging-Converging**	**Nagpapakita dito na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng mga materyales na bagay para sa kanilang pag-aaral**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Estilong kenesthetik	Talahanayan 3 Estilong kenesthetik sa aytem 2 na nagpapalawak ng kaalaman at aktibo sa pakikilahok sa isang klase (m-4.14) na may mataas na marka.	Talahanayan 8.1 na may code na pagtutulungan ng mga mag-aaral at sa ialalim ng temang kolaboratubong pag-aaral kasama ang kapwa mag-aaral at eksperto.	**Merging-Converging**	**Nagpapakita dito na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kulaboratibo sa kanilang pag-aaral**
Estilong tactile	Talahanayan 4 estilong tactile aytem 3 nakakatulong o nakikinabang sa mga gamit sa kompyuter	Talahanayan 8.1 na may code na paggamit ng nateryales na bagay at sa ilalim ng temang gumagamit ng	**Merging-Converging**	**Nagpapakita din na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng komyuter para sa**
	lab keysa mga klase o lektura (m-4.18) na may mataas na marka.	biswal na materyales sa pagkatuto		**kanilang pag-aaral**
Estilong grupo	Talahanayan 5 estilong grupo aytem 3 at 4 mas gustong mag-aral kasama ang iba o gustomg gumawa ng mga takdang aralin na may kasamang dalawa o tatlong kaklase (m-4.9) na may mataas na marka ang parehong aytem.	Talahanayan 8.1 na may code na pagtutulungan ng mga mag-aaral at sa ilalim ng temang kolaboratibong pag-aaral kasama ang kapwa mag-aaral at eksperto.	**Merging-Converging**	**Nagpapakita din na ang mga mag-aaral ay nagtutulunga n sa paggawa ng mga Gawain**
Estilong indibidwal	Talahanayan 6 Estilong indibidwal aytem 3 masayang	Talahanayan 8.1 na may code na positibong pamamaraan sa pagkatuto ng mga	**Merging-Converging**	**Nagpapakita dito na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	gumawa ang estudyante mag-isa ng mga takdang aralin (m-4.12) na may mataas na marka	mag-aaral sakanilang pag-aaral at sa ilalim ng temang pinapanatili ang motibasyon at positibong pamamaraan		**ng mga pamamaraan sa kanilang pagkatuto**

Estilong Biswal sa Pagkatuto. Sa kwantitatibong parte, ang partikular na mga aytem na may napakataas na marka ay ang pagtukoy na mas natuto `ng nang nahusay ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng sulatin ng ng guro sa pisara. Ang resultang ito ay konektado sa kwalitatibong natuklasan, na may temang paglilinaw ng mga guro at ibang kagamitan sa pagkatuto. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data (PérezGonzález, J. C. 2023).

Estilong Awditorys sa Pagkatuto. Sa kwnatitatibong yugto, ang aytem na nagkaroon ng napakataas na marka ay ang pagbibigay gabay ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng malakas kapag ang mag-aaral ay nagababasa sa aklat. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data (Farkas, C. 2023).

Estilong Kenesthetik sa Pagkatuto. Sa kwantitatibong parte, ang partikular na mga aytem na may napakataas na marka ay pakikinabang ng mga mag-aaral sa klase sa kompyuter lab keysa lektura ng guro. Ligtas na sabihin na ang kwalitatibong data ay nagtatagpo sa kwantitatibong data (Xie et al., 2020).

Estilong Grupo bahaging kwantitatibo ng pag-aaral, may dalawang aytem na nakapagtala ng magkatulad na marka. Una, ang pahayag na "mas natututo ako kapag nag-aaral ako kasama ang isang grupo" at ikalawa, mas gusto kong mag- aral kasama ang iba." ang mga resultang ito ay nagpapakita ng matibay na kaugnayan sa kwalitatibong natuklasan, na may temang nakasentro sa kolaboratibong pagaaral kasama ang mga kapwa mag-aaral at eksperto.(Johnson et al., 2020).

Estilong Indibidwal sa kwantitatibong yugto ng pagaaral, isa sa mga aytem na nakakuha ng mataas na marka ay ang pahayag na "mas masaya akong gumawa ng takdang-aralin nang mag-isa." (Lo, N. P. K.2024).

KONKLUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga konklusyon at rekomendasyon mula sa natuklasan ng pag-aaral, na maaaring makatulong sa mga mag-aaral sa kanilang estilo ng pagkatuto. Ang saklaw ng mga konklusyon ay limitado sa konteksto ng naturang pag-aaral. Base sa pananaliksik, narito ang mga naging resulta sa mga sumusunod na konklusyon. Ang antas ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay napakataas na tuntunin sa estilo ng pagkatuto sa wikang filipino, nagpapakita ng mataas na antas ng pagkatuto, aktibong pakikilahok sa klase, kahusayan sa kanilang pagsususlit.

TALASANGGUNIAN

1. Agarwar & Reodiger, (2021). *Agarwal, P. K., & Roediger II, H. L. (2021). The scence of leaming: A decade of progress. Psychological Science in the Public Interest 22(1), 4-173.*
2. *Bednar et al, (1991). Bednar, A., Cunningham, D., Duffy, T., & Perry, J. (1991) Theory into practice: How do we link?. Englewood Cliffs, NJ. Educational Technology Publications.*
3. *Barberos et al., (2018). Barbero, J., Arlegui, J., & Femandez-Navarro, F. (2013). Impact of learning styles on academic performance in higher education: A longitudinal study Educational Psychology Review, 30(4), 1187-1205*
4. *Bricki at Green, (2007). Bricki, N., & Green, J. (2007). A guide to using qualitative research methodology. London: Sage Publication*
5. *Bhandari (2020). Bhandari, P. (2020). Understanding leaming styles: A comprehensive guide. New York, NY: Routledge.*
6. *Bandura (1997), Bandura, A. (1997) Selfefficacy: The exercise of control. New Yo NY: W.H. Freeman.*
7. *Bikner Ahsbahs at Prediger, (2006). BiknerAhsbahs, A., & Prediger, S. (Eds.(2006). Etworking of theories as a research practice in mathematics educati New York, NY: Springer.*
8. *Creswell, (2013). Creswell, J. W. (2013). Research design: Qualitative, quantitas and mixed methods approaches. Thousand Oaks, CA: Sage Publications.*
9. *Creswell, (2009). Creswell, J. W. (2009) Research design: Qualitative, quantita and mixed methods approaches. Thousand Oaks, CA: Sage Publications.*
10. *Creswell, (2012). Creswell, J. W. (2012). Educational research: Plannin conducting, and evaluating quantitative and qualitative research. Up Saddle River, NJ: Pearson Education.*
11. *Claxton and Ralston, (91978), Claxton, C. S., & Ralston, D. A. (1978) Learning Their impact on organizational performance. New York, NY:*
12. *Cooper, J. (2003) Classroom teaching skills. Belmont, Wadsworth*
13. *Chick, N. (2022). Understanding student leaming styles: A praw guide for educators. Boston, MA: Pearson Education*
14. *Dee Fink, L. D. (2003) Creating significant leaming experiences An integrated approach to designing college courses. San Francisco, CA Bass.*
15. *DePorter et al, (2022), DePorter, B., Reardon, M., & Singer-Nourie, S. (2022) Quantum learning Unleashing the genius in you. New York, NY. Dell Publishing*
16. *Dunn, K. (1993). Teaching students through their individual learning styles. A practical approach Reston, VA: Prentice Hall*
17. *Draft at Lengel (1984), Draft, R. L., & Lengel, R. H. (1994) Information richness. A new approach to managerial behavior and organizational design. In B. M. Staw & L. L. Cummings (Eds), Research in organizational behavior (Vol. 6, pp. 191-233) Greenwich, CT: JAI Press.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

18. *Ebert & Culyer, 2011 Ebert, R. J., & Culyer, A. J. (2011). Non-sequential eaming structural dependence, and management decisionmaking Organization Science, 22(6), 1486-1503*
19. *Erlandson, D. A. (1993) Doing naturalistic inquiry: A guide to methods. Newbury Park, CA: Sage Publications*
20. *Fleming, N. D. (2001) Teaching and leaming stylex VARK strategies. Christchurch, New Zealand N.D. Fleming*
21. *Guba, E. G. (1990) The paradigm dialog Newbury Park, CA Sage Publications*
22. *Halcomb, E. J. & Hickman, L. D. (2015) Mixed methods research. Nursing and Health Sciences, 17(2), 123-124*
23. *Için et al., (2015) için, N., & için, D. (2016) The relationship between learning styles and academic performance in medical students Medical Education Online, 23(1), 1530557*
24. *John Dewey,(1850). Dewey, J. (1859-1952) Experience and education, New York, NY: Macmillan.*
25. *Jensen, E. (2005) Teaching with the brain in mind. Alexandria, VA Association for Supervision and Curriculum Development*
26. *Johnson, D. W. (1999) Learning together and alone. Cooperative, competitive, and individucing Boston, MA. Allyn and Bacon,*
27. *Keele. J. W. (1985) Assessing student learning styles of the field and a proposed way of categorizing them. The Clearing House 64(7) 371-376.*
28. *Korstjens, 1., & Moser, A. (2018) Series Practical guidance to qualitative research. Part 4 Trustworthiness and publishing. European Journal of General Practice, 24(1), 120-124*
29. *Loo, R. (2018) Writing integrative literature reviews Guidelines and examples. Human Resource Development Review, 17(4) 381-304*
30. *Munhall, P. L. (2012). Nursing research Aqualitative perspective Sudbury, MA. Jones & Bartlett Learning*
31. *Onwuegbuzie et al, (2009). Onwuegbuzie, A. J. Leech, N. L. & Collins, K. M. (2009) Mixed methods research. A research paradigm whose time has come Educational Researcher, 33(7), 14-28*
32. *Panitz, T. (2016) Collaborative versus cooperative learning: A comparison of the two concepts which will help us understand theunderlyingnatureofinteractiveleaming Accessedhomhttp.//www.facultyfocus.com/articles teaching-and-learning/collaborative-vscooperative-leaming-whatsthe difference*
33. *Pérez-González, J. C. (2023). Students' motivation in online education: The mediating role of autonomy support and the moderating role of gender.*
34. *Stahl, G. (2002), Collaborative leaming in augmented reality. Accessedfromhttps://www.cc.gatech.edu/glista/publications/2002/A/ED02 pdfSilverma n, 2000)*
35. *Silverman, D. (2000). Doing qualitative research: A practical handbook London Sage*
36. *Strong et al. (2004), Sitrong, R. W., Silver, H. F. & Perini, M. J. (2004), Teaching what matters most Standards and sees for raising säint achievement Alexandria, VA ASCD*
37. *Thomas et al, (2005) Thomas, G. Martin, D. & Pleasants, K. (2000), Designing and managing a research project business student's guide. London: Routledge*
38. *(Trochim, 2006) Trochen, W. M. K. (2006) Rearch methods Аповнаре бала Accessed from: httpsociatesearch methods nekr*
39. *Underwood (2009) Underwood, J. D. M. (2009) ICT and learning Supporting out-on school leaming entorno of Educational Technology 40/11 9:30*
40. *Varndell, (2017) Vam & White 2017 Characteristi of children at rok korkearning taket. A mode ki sporing Sectors Journal of School Psychology, 16, 25-38*
41. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society. The development of higher psychological processes. Cambridge, MA, Harvard University Press.*
42. *Witkin et al., (2005) Witkin, H. A., Moore, C. A., Goodenough, D. R. & Cox P W (2005) Field-dependent and field-independent cognitive styles and their educational implications. Review of Educational Research, 55(4) 610-630*
43. *Wesołowski et al (2014) Wesołowski, M. A., Moser, A. & Delmont, H. м. (2014) Towards a qualitative understanding of leaming styles in the context of geography education. Journal of Geography in Higher Education, 38(3), 417434*
44. *Waytz at Gray (2018), Waytz, A. & Gray, K. (2018) Moralty as technological affordance: Negotiating human values in the Fourth Industrial Revolution.*
45. *Zhang & Stemberg, (2006) Zhang, L. F., & Sternberg, R. J. (2006). The nature of intellectual styles Mahwah, N.J. Lawrence Erlbaum Associate.*